# 1

Hingal-kabayo si Jersey makarating lang kaagad sa pinapasukang coffee shop sa Roxas Boulevard. Hindi siya maaaring mahuli sa pagpasok sa trabaho dahil ngayon ang kanilang sami-annually evaluation.

Kailangan na kailangan niya ang trabahong ito para matustusan ang pag-aaral niya sa kolehiyo. Ang nanay niya na si Aling Ceres ay isang home service masahista at hindi sapat para sa kanilang apat kataong pamilya ang kita nito. Dahil doon nakumbinsi niya ito na mag-working student siya.

Ayaw sana nitong pumayag dahil baka raw mahati ang atensyon niya sa trabaho at sa pag-aaral. Ipinaliwanag naman niya rito na mabuti nang dalawa silang may trabaho para makapagtulungan sila sa mga gastusin sa bahay at sa pag-aaral nilang tatlong magkakapatid.

Hindi na niya sinabi rito ang iba pa niyang rason kung bakit nais niyang magkaroon ng trabaho dahil alam niyang mahahabag na naman ito sa naging takbo ng buhay nila. Kung bakit kasi bago namatay ang kanilang ama ay hindi nito ipinagtapat sa nanay niya na mayroon na pala itong dating pamilya.

Ang lahat ng naipundar ng kanyang ama sa panahon na kasama nila ito ay nauwi lahat sa unang asawa nito. Pati ang pensyon sa gobyerno at sa dating pinasukan nitong kompanya ay kinuha rin ng babae. Halos limasin nito ang laman ng kanilang apartment nang dumating ito roon, dalawang araw matapos ang libing. Sa kabiglaanan ay wala silang nagawa, isama pa na pinagtsitsismisan na sila ng mga kapitbahay.

Matapos ang insidenteng iyon ay nilisan nila ang dating tirahan at nag-umpisang muli. Kaunting ipon sa bangko at mga alahas nila ng ina ang naging panimula nila sa pagbabagong-buhay tatlong taon na ang nakalipas.

Taas-kamay si Jersey sa ginawang pagtataguyod sa kanila ng ina. Kinaya nito ang lahat mabuhay lang sila. Wala itong reklamo at hindi nila naringgan na dumaing. Tanging gusto raw nito ay ang makatapos silang magkakapatid sa pag-aaral at mapabuti ang buhay.

Kaya ganoon din siya para sa maliit nilang pamilya. Nais niyang makatulong sa ina. Gusto niyang ibigay ang pangangailangan ng dalawa pang kapatid—ang isa ay nasa high school at ang isa pa ay nasa grade six.

Alam niya na may mga araw na nagtitiis ang mga ito na pumasok sa eskuwela kahit na walang baon. Nag-aaral kahit na kulang-kulang ang mga gamit at napag-iiwanan ng mga dating kaibigan.

Pakiramdam kasi ni Jersey, malaking bahagi sa kita ni Aling Ceres ay sa kanya lang napupunta. Hindi lang nagkukuwenta ang nanay niya para wala siyang ibang alalahanin kundi ang pag-aaral niya.

Isang malakas na busina ang halos magpabingi kay Jersey. Hindi niya namalayan na berde na pala ang kulay ng traffic light, senyales na 'go' ang mga sasakyan sa gawing tatawiran sana niya. Alanganing napaatras siya pabalik sa island kung saan naghihintay ang iba pang pedestrians na tatawid.

"Are you going to kill yourself?" galit na asik ng driver ng magarang sasakyan na kamuntik nang makabangga sa kanya.

Sasagutin sana niya ito pero mabilis na nitong pinaharurot ang kotse. Nilingon na lang ng dalaga ang sasakyan na halos nagpahika sa kanya sa iniwanang usok.

*Ganda sana ng mata, kaso sama ng ugali!* naisaloob niya nang ulitin sa isip ang nangyari. Tanging mata lang ng lalaki ang nakita niya dahil

hindi naman nito ibinaba nang husto ang tinted window ng sasakyan.

Ilang minuto pa ang lumipas at nakarating na rin siya sa coffee shop. Inabutan niya ang mga kasamahan na pawang tahimik habang nagtatrabaho. Nagtaka pa siya dahil hindi naman sila ganoon. Madalas ay light ang ambiance ng mga ito sa coffee shop, kaya naman madaling napalagay ang loob niya sa trabaho.

Nilapitan siya ni Mhay, ang naging malapit niyang kaibigan sa shop. Kasabay niya itong nag-apply roon at magkasabay rin silang natanggap. Inaya siya nito sa kitchen, halatang mayroon itong gustong sabihin sa kanya kaya lang ay napipigil ng presence ng mga customers.

"Bakit ba late ka na naman?" tanong nito habang inaakay siya papasok ng kusina. "Kaaalis-alis lang ni Sir, sayang hindi mo inabot."

"Nandiyan si Sir Aries, ah. Nakita ko siya pagpasok ko," nalilitong sabi niya.

"Hindi si Sir Aries ang tinutukoy ko. Si Sir Caleb, 'yung may-ari mismo."

Sa tono ng pagsasalita ng kaibigan ay nahihimigan na niyang may hindi magandang kasunod ang mga

sasabihin nito sa kanya. Ngayon pa lang ay parang pinagpapawisan na siya nang malamig sa maaaring balita na matatanggap niya.

"I'm sorry, Jersey. Pero tinanggal ka na ni Sir," malumanay na pagbibigay-alam nito.

Dumagundong ang mundo ni Jersey sa narinig. Kahit pa yata pabulong na sabihin iyon sa kanya ni Mhay ay hindi niyon mababawasan ang impact ng sinabi nito.

Wala na siyang trabaho!

Bakit ba ganoon ang tadhana? Kung kailan malapit na ang finals niya sa school ay saka pa siya nasisante. Isama pa na inako niya ang pagbabayad ng renta ng apartment nila sa buwan na ito. At ang mga kapatid niya ay umaasa na ipamimili niya sa suweldo kahit na tig-iisang t-shirt lang.

"Kausapin mo si Sir Aries, baka puwedeng makiusap ka dahil alam naman niya na working student ka. Maiintindihan ka niya. Isa pa, matagal na siyang may gusto sa 'yo, baka sakaling madaan sa pa-charming," untag ni Mhay.

"Pero sabi mo nga 'yung may-ari na mismo ang nagtanggal sa akin, di ba? Ano pa ang magagawa ko o ni Sir Aries?" aniya matapos mahimasmasan sa

masamang balitang natanggap.

Nagkibit-balikat na lamang ang kaibigan at iniwan na siya nito para bumalik sa trabaho. Siya naman ay dumerecho sa opisina ng kanilang manager na siguradong naghihintay na sa kanya.

“Wala na akong magagawa, Jersey. Si Sir Caleb na ang nagbigay ng ganoong utos. Tanggapin mo na ‘yang sahod mo kasama ang token na pabaon ng shop. Hindi ‘yan separation pay dahil hindi ka naman umabot ng isang taon dito, at saka pirmahan mo na rin ito,” pahayag nito, sabay lahad ng isang papel na nagsasabing tapos na ang kontrata niya sa naturang coffee shop.

“Sir, hindi ba ako makakaapela? Kasi naman sinesante ako kaagad ni Sir Caleb kahit na ni minsan hindi pa niya ako nakitang nagtrabaho rito sa shop. Sa tagal ng inilagi ko rito, nasa abroad naman siya. Baka lang puwede pang pakiusapan?”

“I’m sorry, Jersey, pero ang pagkakatanggal sa ‘yo ni Sir ay base sa mga memo na natanggap mo. Hindi lang ako ang nagre-report sa kanya sa mga nangyayari rito sa shop niya. Ang main office ang nag-fo-forward sa kanya ng mga balita rito,” malumanay na paliwanag ni Aries.

Masama ang loob na pinirmahan ng dalaga ang papel. Paano pa siya mag-aapela? Wala nga roon ang may-ari at sa dami ng memo na natanggap niya sa loob ng pagtatrabaho niya roon ay pasalamat na siya dahil nakakuha siya ng kaunting halaga na dagdag sa sahod niya na buong isang buwan, kasama pa ang isang letter of recommendation.

"Good luck, Jersey. Sana naman, hindi ito ang maging huli nating pagkikita," paalam sa kanya ng kanilang mabuting manager.

Kinamayan niya ito at nginitian nang tipid, pilit itinatago ang bigat ng loob sa pagkawala ng trabaho. To think na muntik na siyang mabunggo ng sasakyan kanina sa pagmamadali para lang pala masisante.

*How ironic!*

Hindi na siya nagtagal pa sa coffee shop. Pakiramdam ni Jersey ay hindi siya makahinga sa loob. Matapos magpaalam sa mga kasamahan ay nilisan na niya ang lugar kung saan ilang buwan din siyang namalagi bilang isang barista. Walang lingon-likod na naglakad siya palayo sa *Kape Republika*. Inaanalisa niya sa isip kung paano ipapaalam sa ina na wala na siyang trabaho.

Dinala siya ng mga paa sa isang mall sa pusod ng Manila. Doon siya nagpalipas ng oras at nag-ikot pansamantala. Inisa-isa niya ang mga stalls doon kung mayroong hiring, pero bigo siyang makakita ng trabaho. Ipinamili na lang niya ang dalawang kapatid ng naipangako niyang t-shirt sa mga ito at umuwi na siya.

“Wow, Ate! Ang ganda naman nito at may tatak pa,” excited na sabi ni Orleana, ang sumunod sa kanya. ‘Orly’ ang tawag dito.

“Meron din ba ako, Ate?” tanong sa kanya ni Hampy, ang kanilang bunso.

“S’yempre naman. Di ba nangako ako sa inyo? Kaya meron ang lahat!” masayang sagot niya habang pinanonood ang dalawang kapatid na hindi maipinta ang kasiyahan sa mukha.

Nilingon niya si Aling Ceres na naghahanda ng mesa para sa kanilang hapunan. Kinuha niya ang isang blouse sa paper bag na dala niya at iniabot iyon sa ina kasama ang isang manipis na kumpol ng pera.

“Para sa ‘yo, ‘Nay. Saka panggastos rito sa bahay,” aniya at humalik sa pisngi nito.

“A-beinte pa lang ngayon, Jersey, malayo pa

ang sahod mo. Saan galing ang ipinambili mo rito?" tanong nito. "Alam kong wala nang natira d'on sa sinahod mo noong isang linggo."

"Natanggal ako sa trabaho, 'Nay. Pero binuo nila ang sahod ko para sa isang buwan, may kasama pang dagdag kaya okay lang na ipamili ko kayo. Tingnan n'yo naman ang mga kapatid ko, tuwang-tuwa." Ngumiti siya nang lingunin ang mga kapatid na masayang nag-uusap sa sala.

"Bakit ka raw tinanggal? May ginawa ka bang hindi maganda sa trabaho mo?" nag-aalalang tanong nito.

"'Nay, bibigyan ba nila ako ng sahod kung may katarantaduhan akong ginawa sa kanila? Saka maganda ang pagpapalaki n'yo sa amin, kaya wala sa bokabularyo ko ang magloko sa kahit na anong trabaho," paliwanag ng dalaga. "Natanggal ako dahil marami akong late."

"Kung ganoon, hindi mo kayang pagsabayin ang trabaho at ang pag-aaral? Baka naman mamaya pati pag-aaral mo naapektuhan na rin nang husto."

"Hindi po, 'Nay. 'Yun lang pong sa trabaho ko. Hindi ko po hahayaan na pati pag-aaral ko ay maapektuhan. 'Yun nga lang, nasakripisyo ang

sahod ko."

"Huwag ka nang mag-alala, anak. Pag nakatapos ka, sigurado akong ikaw ang mamimili kung saan mo gustong magtrabaho dahil pipilahan ka nila. Aba! Honor student ka yata," pagpapalakas-loob ni Aling Ceres sa kanya.

Tinawag na ni Jersey ang mga kapatid para makapaghapunan na sila. Sinabi niya sa ina na kapag nagkaroon ng pagkakataon ay maghahanap siya muli ng trabaho. Huwag na lamang muna nito ipaalam sa mga kapatid na nasisante siya. Ayaw niyang ma-guilty ang mga ito sa binili niyang kaunting pasalubong.

Habang naghuhugas ng mga plato ay nilapitan siya ng magulang. Maaari raw siya nitong ipakiusap na makapagtrabaho sa canteen ng ninang niya sa Makati.

Dahil malapit na rin ang final examinations niya at sa susunod na buwan ay enrollment naman niya para sa huling semestre sa kolehiyo ay hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Kailangan niyang makaipon habang maaga para sa mga darating niyang gastusin sa susunod na enrollment at graduation fees.

Ipinangako niya sa sarili na hangga't kaya niya

ay tutulungan niya ang kanyang magulang sa lahat ng bagay. Ayaw na niyang mahirapan pa ang mga kapatid. Tama nang naranasan iyon ng mga ito, hindi na niya ipatitikim pa muli sa mga ito ang pagpasok sa eskuwela nang walang dalang baon sa bulsa.

Nawa ay maging maganda ang datnan niyang trabaho sa canteen ng kumare ng kanyang ina.

# 2

Nakapangalumbaba si Jersey sa isang portable table malapit sa gilid ng bangketa. Ito na ang bago niyang trabaho, ang maging kanang-kamay ng kanyang Ninang Stella na nagmamay-ari ng naturang kantina na iyon sa Makati.

Okay naman ang kainan pati na ang trato sa kanya ng amiga ng kanyang ina. Paninda nila ang maraming klase ng murang pagkain; tinapay, kanin at ulam, merienda at mga inumin. Malakas daw iyon sa mga empleyadong nagtitipid ng pera.

Para sa isang pamilyadong empleyado ay swak na swak ang mga paninda ng kanyang ninang. Mayroon pa itong pribilehiyo na puwedeng utang muna lalo na sa mga suki na hindi naman atrasado kung magbayad.

Mayroon din itong business permit na ini-issue ng city hall kaya wala siyang dapat ikatakot sa hulihan. Tutal ay may tatlong taon na itong nagma-market sa mga taga-Makati kaya tinanggap na rin niya ang trabaho.

Sa katulad niyang nangangailangan ng pera na

pantustos sa pag-aaral at may boundary pa sa oras ng pagtatrabaho dahil pumapasok siya sa hapon ay talagang hindi na siya dapat magdalawang-isip pa. Lalo na sa panahon ngayon na mahirap maghanap ng trabaho. Kung iyon ngang mga naka-graduate na ay hirap makahanap ng mapapasukan, siya pa kaya?

“Hoy, Jersey! ‘Wag kang mangalumbaba d’yan at mamalasin ang paninda natin,” saway sa kanya ni Ninang Stella. “I-deliver mo na lang itong mga kapeng gawa mo sa kabilang building paglampas mo d’yan sa kanto, heto ang floor at room at kung para kanino ang mga ‘yan. Huwag mo nang hintayin ang bayad at idadaan na lang nila dito mamaya.”

Kaagad na tumayo ang dalaga para kuhanin ang mga kapeng ihahatid niya sa mga suki nila para sa merienda. Binasa na lang niya ang direksyon sa papel at sumunod na sa utos nito.

Alam na niya ang ugali ng ninang, madada lang ito pero mabait. Siguro ay nasanay lang na parating nakataas ang boses dahil bago ito nagkaroon ng puwesto roon ay sa palengke ito unang nagtinda. Para rin siguro hindi magulangan ng ibang mamimili ay dinadaan nito sa lakas ng boses.

Narating ni Jersey ang building na tinutukoy sa papel. Nagpakilala lang siya sa guwardya at

pinapirma siya nito sa logbook. Ilang sandali lang ay nasa tapat na siya ng elevator at hinihintay ang pagbubukas niyon.

Sinipat niya uli ang hawak na papel at inayos naman sa kabilang kamay ang button tray na kinalalagyan ng mga kape. Narinig niya ang hudyat ng elevator na bumukas na ito. Wala sa loob na humakbang siya papasok doon kahit hindi itinataas ang paningin.

Nabigla na lang siya nang mabunggo siya sa isang matigas na bagay. Natapon sa kanya at sa sahig ang ilang mga disposable cups ng kape na nabuksan ang cover sa lakas ng impact niya sa pagkakabangga.

Hindi malaman ng dalaga kung ano ang uunahin niyang reaksyon. Ang masaktan dahil sa paso ng mainit na kape? Ang magalit sa lalaking nakabunggo niya? Ang manapak dahil luma-landing sa dibdib niya ang kamay nitong nagpapagpag ng natapon na kape sa damit niya? Ang magkuwenta sa isip kung magkano ang ikakaltas sa suweldo niya? O kung anong paliwanag ang sasabihin niya sa ninang kung bakit hindi nakarating sa mga customer ang espesyal niyang kape?

Inis na hinawi niya ang kamay ng lalaki. Galit na tiningnan niya ito na animo'y sorry na sorry sa

nangyari. Ang mga mata nitong malamlam at itim ay titig na titig sa kanya na tila nagbigay sa kanya ng panibagong pagkakapaso.

Ang mga matang iyon!

Parang may gustong sumiksik sa kanyang isipan na hindi magkaroon ng puwang para maalala ng dalaga. Tanging ang lamig ng gabi at yakap ng sinuman ang nabubuo sa kanyang isipan. Hindi na nga niya ininda ang saglit na init ng kape na bumuhos sa kanya, dahil pakiramdam ni Jersey ay walang kapantay na anopaman ang nasisilayan niya sa mga mata ng estranghero sa mga sandaling iyon.

Para siyang biglang napasok sa isang eksena na tanging siya lang at ang nagmamamay-ari ng mga matang iyon ang nag-e-exist. Nais pa niyang sisirin ang kailaliman, at arukin ang lihim ng mga matang iyon. Pero nagising siya sa panandaliang panaginip nang magsalita ito.

“Next time, be careful. Look what your folly brought us!” sabi nito nang hindi man lang kumukurap sa kanya.

Umiwas lang ito nang bahagya sa kanya at nilampasan na siya. Magde-daydream pa sana siya dahil sa napakagandang tinig nito na napakasarap

pakinggan sa tainga.

Pero hindi niya matatanggap ang sinabi nito. Folly? Nag-init ang kanyang ulo at pakiramdam ni Jersey ay gustong sumabog ng dibdib niya sa salitang iyon, dahil obviously ay siya ang sinisisi nito sa nangyari.

Hindi naman yata makatarungan iyon! Hindi niya aakuin mag-isa ang kasalanan. Hindi siya bayani. At higit sa lahat ay hindi niya matatanggap na sinabihan siya nitong 'folly.'

Hinabol niya ang estranghero na nakalabas na ng building. Doon na niya ito inabutan sa kalagitnaan ng hagdanan pababa makalampas lang sa guwardya.

"Teka, sandali lang!" malakas na pigil-tawag niya rito.

Nilingon siya nito at huminto ito sa hagdanan para hintayin siyang makalapit. Nang matapat siya rito ay napansin niya na malaki ang taas nito sa kanya at mukhang maganda rin ang pangangatawan. No wonder naisip niya kanina na bumangga siya sa isang bagay at hindi sa isang tao.

Iminuwestra nito ang kamay na tila naiinip na sa paghihintay ng sasabihin niya. Para namang nakalimutan ni Jersey ang gustong sabihin dito at

naumid ang kanyang dila. Bakit ba kung anu-ano ang naiisip niya dahil lang sa dominating presence nito?

"Well?" untag nito.

"Babayaran mo ba 'yung mga kape na natapon?" sa wakas ay nasabi rin ng dalaga.

"Excuse me?" tila di-makapaniwalang tugon nito. "It's your fault, Miss, at hindi ko babayaran 'yun." Nakakaloko pa ang ngiting sumilay sa mapupulang labi nito.

Sa inis dahil sa inakto ng lalaki ay hindi na napigil ni Jersey ang sumunod na eksena. Kinuha niya ang isang cup ng kape na may kalahati pang laman at ibinuhos iyon sa dibdib ng binata. Walang pagsisisi na tinaasan niya ito ng kilay, sabay layas sa harap nito.

Nabigla man sa inasal ng di-kilalang babae ay kaagad namang nakabawi ang binata. Hindi gaanong mainit ang natirang kape, pero ang katotohanan na binuhusan ito ng isang estranghera ay nakapagpalabas ng sungay nito. Hindi naman ito pumapatol sa babae, pero may hangganan pa rin ang lahat.

"Baliw ka ba? Ano'ng problema mo?" habol nito

sa dalaga.

“Quits lang tayo. Tinawag mo akong ‘folly’ kanina. Puwes, a stupid person will not think of getting even, sorry ka na lang at ako ang nasabihan mo n’yon.”

“A stupid person won’t do what you did, but a crazy one would,” pagpipigil nito.

Iwinasiwas ni Jersey ang isang kamay rito, giving him notice that their conversation is over. Tinalikuran niya ang lalaki at tinahak muli ang landas pabalik sa kantina ng ninang niya.

ANG BINATANG NAIWAN sa hagdanan ay bumalik paakyat sa guwardya. Pilit niyang pinapagpag ang bakas ng kape na sadyang ibinuhos sa kanya ng dalagang ubod ng tapang.

“Kilala mo ba ‘yon?” tanong niya sa guard. “Banned siya rito sa building, tandaan mo.”

“Ang tapang, Sir. Kaliit na babae pero palaban. Baka ako naman po ang giyerahin n’yon dito,” alanganing sagot nito.

“Tell her I said so.” At tumalikod na siya para bumalik sa sariling opisina upang magpalit ng damit.

Inabutan niya roon ang kaibigan at kasosyo sa business na si Ravis. Nagulat pa ito nang makita siyang basa at naghuhubad ng polo. Saan daw ba siya nag-dive at mukhang hindi na matatanggal ang mantsa niyon sa long–sleeved shirt niya.

Hindi maintindihan ni Caleb kung bakit parang amused pa ang pakiramdam niya sa ginawang pagkukuwento sa kaibigan sa nangyari sa kanila ng dalaga kanina. Para bang hindi niya akalain na may babaeng gagawa ng ganoon sa kanya.

“Hmm… sounds like she really did catch your attention,” komento ni Ravis.

“Well, who wouldn’t?” tatawa-tawang sagot niya.

“What does she look like?”

“She’s totally not my type. Cute siguro dahil maliit, morena pero kissable lips, maganda ang mga mata, long wavy hair, not skinny yet not on the heavy side, she looked like a college student dahil sa college shirt na suot niya, kaya siguro immature at nagawa akong buhusan ng kape,” lahad niya habang ibinubutones ang isinuot na bagong polo.

Tatango-tango lang ang kaibigan niya. Sa tingin ni Caleb ay mayroong namumuong hinala

sa isip nito. At sa kanya rin, because he had never described a woman this accurately before. More or less, he described his women by ranks lalo na kung si Ravis ang kausap. Nabali yata ng babaeng tigre ang pananaw niya sa mga sandaling iyon.

Hanggang sa makaalis si Caleb sa opisina ay hindi mawaglit sa isip niya ang hitsura ng estranghera. Pilit pinipiga ang utak kung saan niya ito nakita. Pamilyar ito sa kanya pero hindi niya lubos-maisip kung kailan at saan niya ito nakasalamuha.

O baka naman may kahawig lang ito sa kanyang mga female friends kaya sa tingin niya ay nakilala na niya ito. Pero sa katotohanan na hindi siya kilala nito ay malamang na hindi pa nga sila nagkikita dati at ngayon lang ang una nilang pagtatagpo.

Huminto ang sinasakyang kotse ni Caleb sa intersection ng riles ng train at sa kanto na nag-uugnay sa Makati at Buendia. Habang naghihintay siya na maging berde ang traffic light ay napalingon siya sa kahabaan ng mga kainan sa lugar na iyon.

Biglang kumabog ang puso niya nang masilayan ang isang pamilyar na mukha. Nakatungo ito at parang nakaismid, medyo nakangiwi pa ang labi nito na nagbigay ng kakaibang karisma sa dalaga. Para itong bata na kinagagalitan ng ina. Wala sa

loob na napangiti si Caleb habang pinagmamasdan ang babae.

Nakalimutan na nga niya na nasa kalsada pa siya. Nabawi lang ang kanyang atensyon pabalik sa manibela nang businahan siya ng kasunod na sasakyan. Muli niyang nilingon ang babae bago pinasibad ang kotse.

“’SUSMARYOSEP KA, Jersey!” bulalas ni Ninang Stella. “Sa loob ng tatlong taon na pagtitinda ko rito, ni minsan ay hindi pa ako na-ban sa kahit na anong building dito. Paano ang mga customers natin doon na nagpapa-deliver? Wala ka pang tatlong buwan dito sa akin, binibigyan mo na ako kaagad ng problema,” pangaral nito.

Napapakamot na lang sa ulo ang dalaga. Kahit na anong explanation ang gawin niya sa ninang ay lalo lang humahaba ang sermon nito. Para rito the customer is always right.

Isa pa ay hindi nila customer ang lalaking nakaengkuwentro niya kanina. Naiinis talaga siya sa hudas na iyon, napaka-ungentleman! Isisi ba naman sa kanya ang nangyari at nag-comment pa ng hindi maganda sa kanya. Higit sa lahat, ipina-blacklist

siya sa guwardya.

“Eh, ako na lang po ang tatao rito kapag nag-deliver kayo. Alam ko naman na ang mga presyo saka hindi ako maloloko ng mga customers ninyo,” suhestyon niya.

“At ako pa ang magde-deliver? Alam mong nirarayuma na ako ‘tapos paaakyatin mo ako sa hagdanan? Mabuti sana kung sa second floor lang ang mga iyan.”

Tumahimik na si Jersey para matapos na ang diskusyon nilang magninang. Kanina pa sila pinanonood ng mga customers na kumakain sa kanilang kantina at nahihiya na siya. Makakagawa naman ng paraan ang ninang niya para hindi mawala ang mga suki nito sa naturang building.

Sa tantya niya ay hindi lang siya nito mapalayas sa trabaho dahil inaanak siya nito. Pero pakiramdam niya ay kanina pa siya nito gustong sabunutan.

Kung bakit kasi hindi niya napigil ang sarili kanina! She thought she’s a serene person, never siyang nagtaas ng boses sa kahit na anong insidente na kinakailangan niyang magalit. Higit sa lahat, ni wala sa pagkatao niya ang ginawa niyang pagbubuhos ng kape sa binata just to get even.

Bakit nakapag-react siya ng ganoon kabayolente kanina? Ano ba ang mayroon sa lalaking iyon at nakalimot siya sa kagandahang-asal?

Sa sobrang gandang lalaki niyon ay nagtataka siya kung bakit imbis na magpakumbaba ay kabaligtaran niyon ang inasal niya. Was it because, subconsciously, she did it to refrain herself from having a crush on him?

Well, she did a good job on that. Dahil simula sa mga oras na iyon ay hindi na niya makikita pa ang binata pagkat banned na siya sa naturang building.

Minabuti na lang niyang pumasok na sa eskuwelahan. Akala pa naman niya ay in good graces na siya kay Ninang Stella dahil sa recipe ng espesyal niyang kape na naghahakot ng maraming delivery at suki papunta sa kantina nito. Pero kahit na nagdadala si Jersey ng mga bagong suki sa tindahan nito, hindi ibig sabihin niyon ay hindi siya nito maaaring tanggalin. Isa pa, nakakahiya sa kanyang ina kung mapupulaan sila nang dahil sa ginawa niya.

Kaya kailangan niyang bumawi rito sa mga susunod na araw at kailangan na ma-lift niya ang ban na ibinigay sa kanya sa building kung gusto niyang matuwa ito muli sa kanya.

# 3

“Wala ka bang ibang gagawin, Jersey, kundi ang magpipipindot d’yan sa cellphone mo?” sita ng kanyang ninang. “Hay naku! Ihatid mo na nga itong mga kape sa *CS Building* at kanina pa hinihintay ang mga ito. Baka mamaya malipasan na ng merienda ang mga tao roon,” utos nito.

“Ninang, nakalimutan n’yo na bang banned ako doon?” paalala niya sa matanda.

“Nakausap ko na si Isko, ‘yung guwardiya roon. Okay na basta bigyan mo ng kape pagdaan mo mamaya at utang-na-loob, magtimpi ka kung mauulit na naman ang nangyari noon.”

“Ninang, baka mamaya makaengkuwentro ko na naman ‘yung lalaki dati at sa kulungan na ako pulutin. Iba na lang po ang utusan n’yo at iba na lang po ang iutos n’yo sa akin.”

“Naku, bata ka! Kung mapagkakatiwalaan ko lang ba ‘yang mga kasama mo, bakit hindi ko sila uutusan? Ang kaso, kukubra ka pa ng mga bayad nila sa pautang ko sa kantina, kaya mabuti nang ikaw ang magtungo roon. Hindi naman sa minamasama ko

ang mga kasama natin rito sa tindahan, ang sa akin lang ay makailang beses na akong natakbuhan kaya ikaw na lang ang pinagtitiwalaan ko sa ngayon."

Napangiwi na lang si Jersey sa haba ng litanya ni Ninang Stella. Higit sa lahat, itinatago niya ang hiya sa mga kasamahan niya roon dahil naririnig ng mga ito ang sermon ng kanilang amo. Siyempre pa ay masakit sa mga ito na marinig na hindi sila pinagkakatiwalaan ng matanda. Kahit na ang totoo ay sadyang ipinaririnig iyon sa mga ito para manakot lang.

"Sino ba 'yang importante mong ka-text, at hindi mo mabitaw-bitawan 'yang cellphone mo?" usisa nito.

"Si Aries po. Dati kong boss sa pinasukan kong coffee shop. Nagtatanong ako kung marerekomenda ba niya ako sa mga kakilala niya na mga managers din."

"Sa tagal mong ka-text 'yang lalaki na 'yan at hanggang ngayon ay wala pa siyang mairekomendang mapapasukan mo, hindi ako magtataka kung isang araw ay susunduin ka niyan rito at nanliligaw na sa 'yo."

"Ninang! Hindi iyon ang gusto kong mangyari

kaya ako nagte-text sa kanya," depensa ni Jersey sa sarili.

"Hindi nga iyon ang gusto mo, paano kung iyon ang gusto niya?" bulong nito. "Hala, umalis ka na at dalhin ang mga kape nang mapakinabangan ka naman dito. Mabuti nga at nabalik ang mga suki natin doon."

Tumayo na ang dalaga at kinuha ang mahiwagang booklet ng pautang ng kanyang ninang kasama ang kape. Wala naman siyang magagawa kundi sundin ang matanda. Bukod kasi sa ito mismo ang gumawa ng paraan para hindi mawala ang kanilang mga suki sa *CS Building* ay hindi rin siya nito isinumbong sa kanyang ina. Kaya kahit may pag-aalinlangan na makakapasok siya sa gusali ay binitbit pa rin niya ang holder ng mga styrocups ng kape.

Wala pa halos apat na linggo simula nang lumipas ang kaganapan na pinagtampukan niya sa building na iyon at ngayon ay heto na naman siya. Matapos niyang iabot sa guwardya ang ipinangakong kape rito ng kanyang ninang ay dumerecho na siya sa loob.

Ang kaso, hindi niya inaasahan na hindi pala siya maaaring gumamit ng elevator. Isa pala iyon sa hininging kondisyon ni Mang Isko para raw walang

pagkakataon na masilayan siya ng may-ari. Mabuti na raw na mag-ingat sila at baka trabaho nito ang maging kapalit ng isang tasa ng kape.

Aangal sana si Jersey dahil nasa ikalabing-apat na palapag pa ang paghahatiran niya ng kape bukod pa sa bawat floor na iisa-isahin niya ang punta para singilin ang mga empleyadong nasa listahan niya. Baka abutan siya ng pagtatapos ng breaktime at hindi niya matapos ang ipinagagagawa sa kanya. Ngunit sa tingin niya, sa hitsura ni Mang Isko ay hindi uubra ang kanyang apela. Mukhang ngayon pa lang ay pinagpapawisan na ito. Hindi maganda na kape ang hiningi nitong suhol sa kanyang ninang dahil mukhang kabado itong tao.

Tiningala niya ang mga baitang, malamang bago pa siya tuluyang makaakyat doon ay lawit na ang dila niya. Pero dahil nagpapabango siya muli sa kanyang ninang ay pikit-mata na hinakbang niya ang mga paa sa hagdanan ng naturang establishment.

"PARE, YOU SHOULD taste the coffee na manggagaling kay Aling Stella. I swear kakaiba ang timpla nila ng kape at kung magugustuhan mo puwede mong isama sa menu mo sa coffee shop," saad ni Ravis.

"Ano naman ang kaibahan niyon sa mga kapeng available na sa shop?" sabi ni Caleb na hindi naniniwala na may kakaibang lasa ang kapeng ipinagmamalaki ng kaibigan.

"Basta, tikman mo na lang. Na-delay lang siguro si Aling Stella sa pagde-deliver dahil bukod sa matanda na iyon at may kabagalan ay totoo namang in-demand ang kanyang kape."

Nagkibit-balikat si Caleb bilang sagot. Makikipagdiskusyon pa sana siya nang kuhanin ng mumunting katok sa pinto ang kanyang atensyon. Kung hindi bata ang nasa likod ng pinto ay malamang na isang tao na ubod ng hinhin at hiya ang kumakatok sa sobrang hina niyon.

"Special delivery!" bungad ni Jersey kay Ravis nang marinig niya ang pagpapapasok nito sa kanya.

"Sa wakas! Kanina pa namin hinihintay ni Caleb ang kape na 'yan," anito, sabay turo sa kaibigan.

Nang ilipat niya ang kanyang mga mata sa binatang tinutukoy ni Ravis ay kulang na lang malaglag niya ang mga hawak na cups. So 'Caleb' pala ang pangalan ng hinayupak. Bago pa tuluyang makarating ang impulse na iyon sa kanyang isip ay kinuha na ni Ravis ang mga iyon mula sa kanya.

Iniabot nito ang isang cup kay Caleb na kagaya niya ay walang kakurap-kurap na nakatingin sa kanya.

"Babayaran mo na ba ang mga kape?" mataray na tanong ng dalaga nang makabawi sa kabiglaan.

"Sinabi ko na kay Aling Stella na weekly ako magbabayad sa mga ide-deliver niyang merienda sa akin. Hindi ba niya nabanggit sa 'yo?" ani Ravis na nagtataka.

"I think she's talking to me, Ravis," singit ni Caleb.

Hindi na pinansin ng dalawang naglalaban ang mga mata sa pakikipagtitigan ang naging sagot at reaksyon ng lalaki. Kapwa ayaw magpatalo ng kahit na sino sa kanila. Para bang ang pagkurap ay hudyat ng pagkasawi sa mumunting laban na iyon.

"Ano, babayaran mo ba?" ulit ni Jersey na nakaangat pa ang mga kilay.

"If I'm not mistaken, ikaw ang bumangga sa akin kaya natapon ang mga dala mong kape. Not the other way around, young girl," pang-iinis ni Caleb.

Well, totoo naman iyon. Makailang beses niyang ini-rewind sa utak ang pangyayari na iyon at kung tutuusin ay kasalanan nga niya dahil hindi

siya nakatingin. Ayaw lang aminin iyon ng kanyang pride sa mga oras na ito.

"And if I'm not mistaken again, ipina-ban kita sa building na ito kaya bakit ka nandito? Alam mo ba na puwede kitang i-report ng trespassing? Dahil naka-log sa guwardya ang ginawa mo sa akin na pagpapaligo ng kape," patuloy nito.

"Hindi ka rin naman fair, ano! Imagine, sa labas na nangyari ang insidente na iyon, pero idinamay mo pa rin ang buong building," asik ni Jersey.

"I have to do that, baka kasi mamaya sumpungin ka ng 'you know'... mahirap na." Hindi pa rin ito nagpaawat sa pang-aasar habang ipinapaikot nito sa sentido ang hintuturo.

Unti-unting nararamdaman ni Jersey ang init na umaakyat mula sa talampakan niya patungo sa ulo. Alam niya ang ipinahihiwatig ni Caleb, na isa siyang sira-ulo na hindi dapat payagang makapasok sa gusaling iyon.

Bago siya tuluyang mag-transform into *The Incredible Hulk* sa sobrang galit sa binata ay naalala niya ang sinabi ng kanyang ninang. Na magtimpi hangga't maaari; she couldn't afford to lose herself again, lalo na at nasa loob siya ng opisina ng isa sa

mga executives. Baka hindi lang siya ma-ban kundi mauwi pa sa kulungan sa naiisip niyang gawin sa lalaki.

"Hey! Easy lang kayo," pag-awat ni Ravis nang maramdaman nito ang tensyon sa pagitan ng dalawa.

"Pasensya na ho kayo, Sir Ravis. Ipapaalala ko na lang kay Ninang na weekly kayo magbabayad. Tutuloy na ho ako. Enjoy the coffee," paalam niya.

Iiling-iling ang lalaki nang makalabas ng opisina si Jersey. Hindi man ito magsalita ay alam ni Caleb na sinisisi siya ng kaibigan sa naging pagtrato niya sa dalaga. Kahit siya ay hindi maiwasan ang mapabuntong-hininga. Sa sandaling oras na iyon ay nakalimutan niya na baka ma-offend niya ang babae, na sa kasamaang-palad ay nagawa na niya kanina.

Hindi niya maintindihan ang sarili. Sa loob ng lumipas na mga araw ay hindi matatapos ang buong maghapon niya nang hindi naiisip ang mukha ng babaeng nagngangalang 'Jersey.' Pero bakit ngayon na nagkaharap na sila muli, ang mga inensayo niyang speech ng pagpapakilala rito sa isip ay nauwi lang sa maaanghang na pasintabi at pakikipagsagutan.

Ano ba ang nangyayari sa kanya at nagagawa

ng babaeng iyon na magpabago-bago siya ng pakiramdam just with the sight of her? Nandoon ang biglang pagbangon ng kasiyahan nang makita niya itong pumasok sa loob ng opisina. Ngunit nang tarayan siya nito ay hindi niya naiwasan na asarin ang babae para lang makita ang pagbabago ng ekspresyon ng mukha nito. Awa, nang sa akala niya ay makikipagdigmaan ito ng sagutan sa kanya, pero tumiklop ito na parang isang maamong tupa. He even cursed himself silently, nang makita niya ang dagling reaksyon na iyon. There's regret, nang bigla ay magpaalam si Jersey na aalis na.

"Should I ask, pare, o alam ko na ang sagot?" putol ni Ravis sa kanyang pag-iisip.

"I didn't mean to offend her, Ravis, I don't know what got into me."

"Lalo lang sasama ang loob mo sa ginawa mo kay Jersey kapag natikman mo ang kape niya. That's her recipe, sabi ng kanyang ninang."

Wala sa loob na dinampot ni Caleb ang styrocup na pinaglalagyan ng kape at humigop mula roon. Tama nga si Ravis, totoong masarap ang kape na hindi niya mahulaan kung ano pa ang ibang sangkap. Basta ang nalasahan niya ay ibang klaseng sarap ng kape.

Kinakalkula niya sa isip kung paano muling matitikman iyon. Sa uri ng lasa niyon ay hindi malabo na hanap-hanapin iyon ng kanyang panlasa. Coffee is truly addictive, pero para sa kanya ay mas addictive ang kape na timpla ni Jersey. Ngayon pa lang ay naglalaway na siya sa susunod niyang cup of coffee.

Kailangan niyang gumawa ng paraan para makahingi ng tawad sa dalaga. Kung ang kapalit ng kapatawaran nito ay ang bayaran niya ang mga unang kape na natapon nito ay gagawin niya kahit na sampung doble pa. Ang kaso, ang naging sagutan nila kanina na alam niyang nasaktan niya ang dalaga lalo na sa iminuwestra niya na baliw ito. Paano ba niya maipapaliwanag dito na hindi iyon totoo sa kanya at inaasar lang niya ito?

Binalot si Caleb ng frustration. Paano niya mapapaniwala ang dalaga sa mga gagawin niyang paliwanag? Mas mahirap dahil hindi niya alam kung haharapin ba siya nito para makapagpaliwanag siya. Kanina ay nakita niya ang sobrang galit sa mga mata nito bago umalis. Kung hindi siguro ito nakapagpigil ay baka nagkalat na ang dugo niya sa opisina.

Tinitigan niya ang hawak na styrocup ng kape na tila ba makakakuha siya roon ng kasagutan. Hindi

pa man naglilipat minuto ay napangiti si Caleb sa sarili na ikinapangunot ng noo ni Ravis na kanina pa pala siya pinagmamasdan.

A plan came up to his mind...

# 4

Maaga pa lang ay nasa kantina na si Jersey para tulungan ang kanyang ninang sa pag-aasikaso sa mga customers. Alam niya na ang pananghalian ang peak hours ng tindahan kaya naman ini-adjust niya ang oras ng pagpunta roon para makatulong siya. Tutal sa hapon ay maaga siyang pinapapasok sa eskuwela ng kanyang ninang.

Hindi niya inaasahan na ang una niyang pagsisilbihan sa kantina sa araw na iyon ay ang aroganteng si Caleb. Ni wala sa hinagap niya na kakain sa isang carinderia ang taong ito. Sa lakas ng hangin nito ay mukhang hindi ito napapalingon man lang sa mga ganoong uri ng kainan. Ano kayang masamang hangin ang nagtaboy sa lalaking ito para maparito, lalo na sa nangyari sa kanila kahapon sa opisina nito? Gusto ba nito ng second round?

"Jersey! Silbihan mo nga ang customer at busy ako sa pagluluto," utos sa kanya ni Ninang Stella.

Ipapasa sana niya sa ibang kasamahan ang pag-aasikaso sa nakaupong si Caleb kaya lang ay huli na, nakita na siya nito. Sa hilatsa ng pagmumukha ng mokong ay para bang nakakaloko ito sa sobrang

pagkakangiti na kulang na lang ay mapunit ang mga labi nito.

“Kung kaya mo akong ipa-ban sa building mo, I can easily refuse service to you here,” bulong dito ng dalaga nang makalapit siya.

“You don’t mean that,” anito na sinamahan pa ng matamis na ngiti.

“At bakit naman hindi ko magagawa sa ‘yo iyon? Matapos ang nangyari kahapon at ng mga nakalipas pa na insidenteng ikaw ang may sala? Puwede kitang paalisin,” mataray na sabi ni Jersey.

“Kung talagang paalisin mo ako, hindi mo sasabihin sa akin ‘yan, ginawa mo na kaagad. Isa pa, mukhang ako ang buena-mano sa canteen ng ninang mo, I’m sure hindi niya magugustuhan kung paaalisin mo ako.”

Tiningnan ni Jersey nang mataman ang binata na tila inaarok kung anuman ang naglalaro sa isip nito at sinadya pa siya rito. Kahit na labag sa kanyang kalooban ay napilitan siyang hainan ito ng mga inorder nitong pagkain. Iyon nga lang may kasamang kaunting dabog na sadyang ang kumag lang ang nakakapansin.

“Anything else?” tanong niya nang matapos

itong pagsilbihan.

“Puwede ba tayong mag-usap?” alanganing tanong ng binata.

“I’m sorry, canteen ito at hindi counseling. Enjoy!” natatawang sabi niya.

NAPAPAILING NA LANG ang naiwang binata sa naging reaksyon sa kanya ni Jersey. Akala niya ay madali niya itong mapapapayag sa nais niyang mangyari, pero mukhang matigas pa ito sa adobe at hindi niya makukuha sa pangiti-ngiti lang.

Tumayo siya at sinundan niya ito sa harapan ng kaha. Halata niyang dinededma siya nito, pero hindi siya aalis sa karinderyang ito nang hindi niya nakukuha ang loob ng dalaga at hindi ito napapapayag sa isinadya niya.

“Bibilhin ko ang recipe mo ng kape, twenty thousand pesos,” umpisa ni Caleb.

“It’s not for sale. At ano’ng akala mo sa akin, mukhang pera na magtatatalon sa tuwa dahil inalok mo ako ng twenty thou?” masungit na tugon nito, sabay talikod.

“Hindi naman sa ganoon. Okay, let me do it

right. I'm sorry, Jersey, at hindi naging maganda ang una nating pagtatagpo. Nandito ako dahil nagbabakasakali ako na baka puwede kong bilhin ang recipe mo ng kape, dahil natikman ko iyon kahapon at nasarapan ako. Gusto kong i-exclusive iyon sa mga coffee shops ko," habol niya.

"Umalis ka na, Caleb, mukhang hindi naman pagkain ang ipinunta mo rito. Marami pa akong gagawin at naaabala mo ako," pagtataboy nito sa kanya.

Jersey saw a little disappointment in his handsome face na gusto sana niyang bawiin ang mga sinabi, pero pinigil niya ang sarili. Now they are even, matapos ang maaanghang na patutsadang ibinato nito sa kanya.

"Kung magbabago ang isip mo sa offer ko, alam mo kung saan ako makikita," anang binata na umaasa pa rin na natatanggapin ng babae ang alok. It warmed his heart when he heard her mention his name a while ago kahit pa ipinagtatabuyan siya nito.

"Magbago man ang isip ko, magdadalawang-isip pa uli ako bago ko akyatin ang labing-apat na palapag ng building mo. Sa tingin ko bago ako makarating sa opisina mo ay nagbago na naman ang isip ko. Kaya huwag mo nang asahan na papayag

ako."

Bagsak ang mga balikat ni Caleb nang lisanin ang kantina ni Aling Stella. Akala pa naman niya ay magiging simula na iyon ng kanyang mga plano. Pero paano nga niya iyon matutupad kung sa tuwing magtatagpo sila ni Jersey ay parating sa away nauuwi?

"JERSEY, hindi naman sa nanghihimasok ako sa desisyon mo, pero sana maisip mo na graduating ka na ngayon at hindi kalakihan ang natatanggap mong sahod sa akin." Kausap ng dalaga si Ninang Stella makaraang umalis si Caleb ilang minuto na ang nakakaraan. Narinig nito ang naging pag-uusap nila. "Baka lang malaki ang maitulong ng beinte mil na iyon kung tatanggapin mo ang alok niya. Tutal ang sabi niya ay bibilhin niya ang recipe mo, hindi naman ibig sabihin niyon ay magtatrabaho ka sa kanya at magkikita kayo araw-araw."

Naisip na iyon kanina ng dalaga, talagang malaki ang maitutulong ng halaga na iyon sa pag-aaral niya dahil malapit na ang kanilang mid-terms, umuusbong na rin ang mga bayarin niya sa eskuwelahan kasama pa ang mga gastusin nilang mag-iina sa bahay.

"Kung ang inaasahan mo ay ang magiging rekomendasyon sa iyo ng Aries na sinasabi mo, mukhang malabo na mangyari iyon, Jersey. Ilang beses ko ba namang sasabihin sa iyo na huwag mo nang asahan iyon lalo na ngayon na may ganyang klaseng offer sa iyo."

Wala naman sigurong ibang mawawala sa kanya maliban sa recipe kung tanggapin niya ang alok na inilahad sa kanya kanina ni Caleb. Kung babayaran nito ng beinte mil ang kanyang kaalaman, hindi naman siguro iyon makababawas sa pagkatao niya. Gagawa na lang siya ng ibang recipe kapag nagkabentahan na silang dalawa. Tutal ang inaasam niya na sariling restaurant ay mukhang malabong matupad niya sa ngayon, kaya ang itinatabi niyang recipe ay pagkakakitaan na muna niya.

"Ninang, puwede bang mag-half day ako ngayon? Gusto ko sanang ipaalam kay Inay 'yung sinabi ni Caleb bago ako pumasok sa school," paalam niya sa matanda.

"Sige, sigurado akong matutuwa ang nanay mo kapag nalaman niya ang tungkol sa pagbili ng sarili mong recipe. Nawa'y makapagdesisyon ka ng naaayon sa kagustuhan mo," basbas nito sa kanya.

Hindi naman nahirapan si Jersey sa pag-iisplika

sa magulang ng tungkol sa alok ni Caleb. Iyon nga lang pareho silang may kaunting pagdidili-dili sa ganoong usapin dahil kung ibebenta niya sa lalaki ang recipe, ibig sabihin niyon ay hindi na niya magagamit pa ang sariling recipe sa hinaharap. Naniniwala kasi ang kanyang ina na magkakaroon siya ng sariling restaurant at ang mga pinaghirapan niyang pag-aralan na i-bake, lutuin at gawan ng recipe sa mga panahon na inilalagi niya sa cooking lab ng kanyang paaralan ay doon niya mailalabas.

“Pero sabi mo nga, anak, ang recipe lang ng kape ang binibili niya. Iyong mga iba mo pang nalalaman at sariling timpla sa pagkain at inumin ay hindi niya alam. Kung ganoon, hindi magiging malaking kawalan sa ‘yo ang pagbebenta niyon. Siguro naman ay makakagawa ka pa ng ibang eksperimento sa kape na magiging sarili mo uli,” pahayag ni Aling Ceres.

“Kung iisipin ko na gagamitin ng iba ang recipe ko na hindi nila malalaman na ako ang umimbento, masakit para sa akin iyon. Pero kung iisipin ko naman ang mabuting maidudulot ng halagang ibabayad niya, malaking tulong iyon para sa atin, Inay.”

“Nasasaiyo pa rin ang desisyon, anak. Ikaw lang ang makakahanap ng sagot d’yan.”

"Hamo, 'Nay, kung ano man ang kalabasan nito, hindi ko pagsisisihan."

Nagpaalam na si Jersey sa kanyang ina upang pumasok sa eskuwela. Habang daan ay hindi mawaglit sa isip niya ang alok ni Caleb. Totoo na nang unang banggitin sa kanya ng binata ang halaga ng pagbili nito sa likha niyang kape ay natameme siya. Hindi nga lang niya ipinahalata rito na interesado siya dahil na rin sa naging mga sagutan nila.

Masusi niyang pinag-iisipan ang pagbebentang gagawin niya sa recipe. Para sa isang graduating student ng HRM ay napakalaking honor niyon sa kanya, hindi man gamitin ang pangalan niya para sa naturang kape. Pero ang alukin na bilhin ang sarili niyang gawa ay masasabi niyang hindi siya nagkamali sa pagkuha ng ganoong kurso at malamang sa hindi ay magtagumpay siya sa propesyong napili pagka-graduate niya.

Sa mga naisip ay may nabubuong plano si Jersey.